

1. Suporta ng pamilya

Ang programa ay nagbibigay ng suporta sa mga magulang kapag ang kanilang anak ay nasuri ng pagkabulag o mahina ang paningin. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay ng mga manggagawang pangsuporta sa pamilya na nakatapos ng antas na manggagawang sosyal at nagpakadalubhasa sa epekto ng kahinaan ng paningin sa pag-unlad ng bata.

Ang manggagawang pangsuporta sa pamilya ay tutulong sa pamilya na unawain at kayanin ang mga implikasyon ng pagsusuri at tutulongan silang gumawa ng napag-alamang mga pagpapasya tungkol sa mga serbisyong pangsuporta.

2. Mga serbisyong pamamagitan

Para sa isang bata na may mahinang paningin, ang paghipo, pagdinig at paggamit ng natitira o naiiwanang paningin ay kritikal na mahalaga para sa pag-aaral at pag-unlad. Ang suporta ng sinanay at matalinong mga propesyunal sa lugar ng panghihina ng paningin ay mahalaga upang tulungan ang bata na paunlarin ang mga pakiramdam sa pinakamahasay niyang kakayahan.

Ang mga serbisyong pamamagitan ay ibinibigay ng espesyal na sinanay na mga kasangguni para sa bulag/mahinang paningin sa maagang pagkabata sa tahanan ng pamilya. Tinuturuan ng kasangguni ang mga magulang kung paano susuportahan ang pag-unlad ng kanilang anak sa mga sumusunod na lugar:

- intensyonal na paggalaw (oryentasyon at kadaliang kumilos)
- pagpapaunlad ng mga kasanayang pagkilos (hal. gumugulong, umaabot, gumagapang, naglalakad, at gumagamit ng mga kamay upang paandarin at saliksikin ang mga bagay)
- pang-araw-araw na mga kasanayan sa pamumuhay (hal., pagkain, pagbibihis, pangungubeta)
- pag-unlad ng konsepto (hal., pagkilala ng bagay, tungkulin, at mga katangian)
- sosyal at emosyonal na pag-unlad
- pag-unlad sa wika at komunikasyon
- kung paano pinakamahasay na mapapakinabangan ang natitirang paningin
- kung paano gagamitin ang lahat ng mga pandama upang itaguyod ang pag-unlad

3. Mga serbisyong pangsangguni

Kapag ang iyong anak ay pumasok sa isang child care o sentro ng maagang pag-aaral, tuturuan ng kawani ng Programa para sa Bulag – Mahinang Paningin ang mga tagapagturo ng maagang pagkabata sa sentrong iyon na matuto kung paano pinakamahasay na magtatrabaho sa at magtuturo sa iyong anak.

Rehiyonal na mga Programa ng Maagang Pamamagitan para sa Bulag – Mahinang Paningin

Mangyaring bisitahin ang sumusunod na website upang makahanap ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa iyong lugar:

ontario.ca/childvision

To order by phone:
1-800-668-9938
TTY: 1-800-268-7095

Or visit:
www.serviceontario.ca/publications
Publication # 019658

Learn more: www.ontario.ca/children

Nov/2014 © Queen's Printer for Ontario

TAGALOG



Mga Serbisyo para sa mga batang bulag o may mahinang paningin

Ang Programa ng Maagang Pamamagitan para sa Bulag-Mahinang Paningin ng Ontario ay dinisenyo upang magbigay ng pinakamahasay na pagsisimula sa buhay sa mga batang ipinanganak na bulag o may mahinang paningin. Ang mga pinagdaldubhasang serbisyo na nakasentro sa pamilya ay pinondohan ng probinsiya at magagamit para sa mga bata mula kapanganakan hanggang Grado 1.

Ang programa ay nagbibigay ng edukasyon at tulong para sa mga magulang upang himukin nila ang malusog na pag-unlad ng kanilang mga anak. Natututuhan ng mga magulang na tulungan ang kanilang mga anak na paunlarin ang kanilang mga kasanayan na kailangan nila para sa pang-araw-araw na mga gawain sa bahay at sa mga kapaligiran ng maagang pag-aaral at pangangalaga.

Kung walang espesyal na tulong mula sa pagkabata, ang isang batang bulag o may mahinang paningin ay maaaring mahirapang mag-aral na magsalita, magsaliksik at makipagkaibigan kapag siya ay magsimulang pumasok sa paaralan. Ang isang batang bulag o may mahinang paningin ay may mataas na panganib para sa mga bahagi ng pag-unlad, kabilang ang:

- komunikasyon at wika
- mga kasanayan sa paggalaw ng mga maliliit at malalaking kalamnan
- mga proseso ng pag-unawa at pag-iisip
- mga kasanayang panlipunan
- pag-unlad ng damdamin
- pangsariling tulong

Sa pamamagitan ng tamang pamamagitan mula sa mga sinanay na propesyunal, ang mga magulang ay maaaring matuto kung paano himukin ang malusog na pag-unlad ng kanilang mga anak, at tulungan silang matuto ng mga kasanayan na kakailanganin nila upang magtagumpay sa paaralan.

Mga Serbisyo ng Programa

Kapag nasuri ang mga bata ng pagkabulag o kahinaan ng paningin, ang isang pagsangguni ay maaaring gawin ng isang manggagamot, optalmolohista, optomitrya, magulang o tagapagbigay-alaga sa lokal na Programa para sa Bulag-Mahinang Paningin. Tingnan ang likod ng polyetong ito upang hanapin ang programang pinakamalapit sa iyo.

Ang programa para sa Bulag – Mahinang Paningin ay naghahandog ng tatlong uri ng mga serbisyo:

1. Suporta sa Pamilya
2. Mga serbisyong pamamagitan
3. Mga serbisyong pangsangguni

Ang mga palatandaan ng pag-unlad na ito ay nagpapakita ng ilang mga palatandaan na nagmamarka ng maagang pag-unlad sa paningin at sa progreso ng mga maliliit na bata habang sila ay lumalaki. Magbantay para sa anumang mga senyales na ang iyong sanggol ay hindi nakatutugon sa mga palatandaang ito at kausapin kaagad ang iyong manggagamot kung mayroon kang anumang mga alalahanin.

Kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa paningin ng iyong anak, huwag maghintay. Mas maagang makilala ang isang problema mas maagang makakakuha ng tulong na kailangan ang iyong anak para sa pinakamahusay na oportunidad para sa malusog na pag-unlad.

Mga Palatandaan ng Pag-unlad

Sa ika-6 na linggo

- tinititingan ang paligid kapag gising
- saglit na tumitingin sa maliliwanag na ilaw/mga bagay
- kumukurap bilang tugon sa liwanag
- ang mga mata at ulo ay magkasabay na kumikilos

Sa ika-3 buwan

- sinusulyapan ng mga mata ang bawat bagay
- sinusundan ng mga mata ang isang gumagalaw na bagay/tao
- tinititingan ang mukha ng tagapagbigay-alaga
- nagsisimulang tingnan ang mga kamay at pagkain

Sa ika-6 na buwan

- gumagalaw ang mga mata upang siyasatin ang paligid
- gumagalaw ang mga mata upang hanapin ang pinagmumulan ng mga ingay
- pumapalo sa o umaabot ng mga bagay
- tumitingin sa mas malalayong mga bagay
- ngumingiti at tumatawa kapag nakikita kang ngumingiti at tumatawa

Sa ika-12 buwan

- tumitingin na papaloob ang mga mata habang lumalapit ang mga bagay ng malapit sa ilong
- pinanonood ang mga gawain sa paligid ng mas mahabang panahon
- hinahanap ang nahulog na laruan
- ginagamit ang mata upang siyasatin ang mga bagay at mga tao
- gumagapang patungo sa paboritong laruan

Sa ika-2 taon

- ginagabayan ang pag-abot at pagkuha ng mga bagay sa pamamagitan ng paningin
- tinitingnan ang simpleng mga larawan sa isang aklat
- nagtuturo sa mga bagay o mga tao
- naghahanap at tinuturo ang mga larawan sa mga aklat
- tinitingnan ang kanyang pupuntahan kapag naglalakad at umaakyat

Habang umuunlad ang kanilang paningin, ang mga sanggol ay natutuwa:

Sa ika-6 na linggo

- tumitingin sa iyo habang tinatangan mo sila ng malapit
- tumitingin sa mga laruan na may matitkad na kulay
- tumitingin sa mga bagay na may mga kalidad na magreplekto (kagaya ng mga salamin)
- nanonood ng mga mobile na may simpleng itim at puting mga hugis
- pinanonood ang mga bagay na gumagalaw

Sa ika-3 buwan

- pinag-aaralan ang iyong mukha
- pinanonood ang paggalaw ng mga laruan mula sa gilid patungo sa harapan nila
- tinitingnan at inaabot ang mga bagay na nakabitin sa tapat ng kanilang mga kuna
- mga laruan na may matitkad na kulay at nakaiinteres na disenyo
- gumagamit ng isang ilaw na panggabi sa kanilang mga kuwarto

Sa ika-6 na buwan

- tinitingnan ang kanilang aninag sa isang salamin
- nagpapabalik-balik ng tingin sa dalawang paboritong mga bagay
- tinitingnan ang mundo mula sa iba-ibang posisyon (hal. mataas na silya, sahig, ibang kasangkapan)
- mga laruan na may mga masalimuot na disenyo at mga gumagalaw na laruan (hal., "jack in the box")
- naglalaro ng "it- bulagang" laro

Ika-12 buwan

- nilalagay ang mga laruan sa loob at labas ng mga lalagyan (at pati na rin sa kanilang mga bibig)
- naglalaro ng mga magkakaparehong bagay na may magkakaibang laki (hal., nagsasalansan ng mga ring, mga napagpapatong-patong na tasa, mga bloke)
- tumitingin sa mga kartong aklat na may makapal na mga karton at simpleng kulay na mga larawan
- pinipindot ang mga butones o pinipilipit ang mga knob upang pakilusin ang laruan
- pinapanood ang mga gawain sa labas mula sa bintana

Sa ika-2 taon

- nagbabasa ng mga aklat na may mga larawan ng simpleng mga eksena at bagay
- tinitingnan ang mga litrato ng mga miyembro ng pamilya at mga alagang hayop
- naglalaro ng simpleng mga board puzzle
- gumagamit ng mga bloke upang maglaro ng at gumawa ng mga tore
- nagbabiyahang patungong tindahan, parke, aklatan upang panoorin ang mga tao at mga gawain

Dapat mong patuloy na subaybayan ang pag-unlad ng iyong anak

Mahalagang subaybayan ang pag-unlad ng paningin ng iyong anak, dahil ang maagang pagkilala ng isang problema ay maaari minsang makapawi o makapagbawas ng panganib ng mga pangmatagalang panahong komplikasyon. Kung mapansin mo na ang iyong anak ay mayroong anuman sa mga sumusunod na mga sintomas, kausapin kaagad ang iyong doktor:

- namamaga o napalamutihan ang mga pileges ng mata
- mga untog, mga sugat o kuliti sa o sa paligid ng mga pileges ng mata
- lumalaylay ang mga pileges ng mata
- hindi tumitingin sa iyong mata sa gulang na ikatlong buwan
- may kalabuan o namumuti-muti sa loob ng balintataw ng mata
- madalas na "kumikislot," "lumilihis," o "malikot" ang pagkilos ng mata, hindi nagpapantay ang pagitan ng mga mata (pumipihit o naduduling ang mga mata)
- kulang ang pagtutugma ng mga galaw ng mata
- lumilihis ang isang mata kapag tumitingin sa mga bagay
- pumipihit o tumatagilid ang ulo kapag tumitingin sa mga bagay
- inaaninag, ipinipikit o tinatakpan ang isang mata kapag tumitingin sa mga bagay
- labis na pagluluha kapag hindi umiiyak
- labis na pagkurap o pag-aninag
- labis na pagkiskis o paghawak sa mga mata
- pag-iwas sa o pagkasensitibo sa mga maliliwanag na ilaw

